

Tungkol sa PAN Foundation

Pinapabuti ang pag-access. Binabago ang kalusugan.

Bilang nangungunang kawanggawang foundation at organisasyong tumataguyod sa pag-aalaga ng kalusugan, dedicated ang PAN Foundation na pabilisin ang pag-access sa paggamot para sa mga pinakanangangailangan nito at binibigyan ng kapangyarihan ang mga pasyente sa kanilang mga paglalakbay sa pag-aalaga ng kalusugan.

Sinusulong ng ating paniniwala na may karapatan ang lahat ng tao na makakuha ng abot-kayang, patas na pangangalaga sa kalusugan, sinusuportahan ng PAN Foundation ang mga pasyente sa:

- Kritikal na pinansiyal na tulong sa buong malawak na portfolio ng mga pondo na sumasaklaw sa mahigit 80 larangan ng sakit, tumutulong na saklawan ang mga gastos sa copay, premium, at transportasyon.
- Adbokasya para sa pinabuting access sa pag-aalaga sa kalusugan, pagiging abot-kaya, at pagiging patas para sa lahat para ang mga tao ay mabuhay sa klase ng buhay na karapatan nila.
- Edukasyong hinahati ang masasalimuot na paksa para bigyang kapangyarihan ang mga pasyente para gumawa ng mga may kabatirang desisyon sa kanilang paglalakbay sa pag-aalaga ng kalusugan.



**PAN
Foundation**

Pumunta sa
panfoundation.org
para matuto pa.



Paano mag-apply para sa tulong pinansiyal:

Nagbibigay kami ng tulong pinansiyal para sa mga gastusin sa paggamot na mula-sa-bulsa ng mahigit sa 80 sakit, kabilang ang mga kanser, mga hindi gumagaling na kundisyon, at mga bihirang sakit. Makakatulong ang mga grant namin sa mga copay, makakaltas, coinsurance, at mga premium. Para mag-apply sa pamamagitan ng telepono, matatawagan mo kami sa 1-866-316-7263 (Lunes hanggang Biyernes, 9:00am – 5:30pm ET) para makipag-usap sa aming dedicated na pangkat na gagabay sa iyo sa proseso.

Sa PAN Foundation, maaari mong:

- ✓ Suriin ang pagiging nararapat mo online at makakuha ng mga agarang resulta
- ✓ Simulang gamitin agad ang grant mo, kapag naaprubahan
- ✓ Gamitin ang grant mo nang buong taon, na may potensiyal sa pag-renew at karagdagang pagpopondo

Para matuto pa tungkol sa pondo para sa partikular na sakit, at matingnan online ang pagiging nararapat, pumunta sa panfoundation.org/funds.



“Pinahintulutan ako ng tulong ng PAN na ganap na lumahok sa buhay.”

—Scott Matsuda,
tumanggap ng grant ng PAN

Mga serbisyong wika

Maaari kang mag-apply para sa PAN grant o makakuha ng tulong sa pamamahala ng iyong grant sa Tagalog gamit ang telepono. Tumawag sa 1-866-316-7263 Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5:30 p.m. ET. Sa recording, pindutin ang 3 para gamitin ang aming linya sa wika.

Karagdagang suporta

Listahan ng paghihintay sa pondo ng sakit:

Kung hindi bukas ang kailangan mong pondo, huwag mawalan ng pag-asa. Kapag nagpatala ka para sa aming pondo ng sakit, maaari kang maabisuhan sa susunod na pagkakataong may magagamit na pagpopondo. Matuto pa tungkol sa aming mga listahan ng paghihintay sa panfoundation.org/waitlist.

FundFinder: Ang libreng app na ito ay sumusubaybay sa katayuan ng mahigit sa 200 pondo sa pagtulong sa siyam na foundation, kabilang ang PAN Foundation. Tulad ng listahan ng paghihintay, maaari kang magpatala para maabisuhan sa pamamagitan ng text o email sa sandaling mayroon nang pagpopondo. Maaari ka ring maghanap ng mga organisasyong sumusuporta sa pasyente. Sinuman ay maaaring magpatala sa fundfinder.org at ganap itong libre.

Mga grant sa transportasyon: Naghahandog kami ng mga grant sa transportasyon para matulungan kang magbayad para sa transportasyon papunta at mula sa mga aktibidad na nagpapabuti sa kabuuan mong kalusugan. Maaaring nararapat ka para sa grant sa transportasyon kung mayroon kang aprubadong grant mula sa PAN Foundation. Matuto pa sa panfoundation.org/transportation.



Pinapabuti ang pag-access. Binabago ang kalusugan.